

Tungkol sa Impormasyong paghahatid sa pamamagitan ng Nationwide Warning Alert (J-Alert) sa mapanganib na paglulunsad ng mga ballistic missile mula North Korea na maaaring pumuntirya sa paligid ng rehiyon ng kanto (Ibaraki atbp.)

Paglulunsad ng Missile



※Natanggap mo ang sumusunod na alerto sa email ng iyong cell phone sa (wikang hapon)

①Email: Impormasyon sa mapanganib na paglunsad ng missile • tawag para sa paglisan

“Ang missile ay inilunsad. Ang missile ay inilunsad. Ang North Korea ay naglunsad ng missile.

Pumunta sa matatag na gusali o underground.”

※Una, ang impormasyon sa paglunsad ay ianunsiyo, at itatawag ang paglisan.

Kung ikaw ay nasa labas, pumunta sa matatag na gusali o underground na lugar. (underground shopping center, underground station, o anumang mga underground na mga facility) na malapit.



< Kung determinadong sa kanto ang bagsak ng missile >

< Kung ang missile ay dumaan sa kalangitan malapit sa kanto >

②Email: Tawag sa Agarang paglisan

“Agad lumisan. Agad lumisan.

Agad pumunta sa matatag na gusali o underground. May posibilidad ng paglapag ng missile.

Agad lumisan.”

※ Kung may posibilidad na ang missile ay lalapag malapit sa rehiyon ng kanto, ang tawag sa agarang paglisan ay itatawag. Kung ikaw ay nasa labas, pumunta sa matatag na gusali o underground na lugar (underground shopping center, underground station, o anumang underground na mga facility) na malapit.

②Email: Tawag sa Agarang Paglisan

“Dumaan ang missile. Dumaan ang missile.

Ang missile ay dumaan sa kalangitan malapit sa rehiyon ng kanto. Kung nakakita ka ng isang kahina-hinalang bagay, huwag lumapit at ipagbigay alam sa pulis o bumbero.”

※ Kung ang missile ay dumaan sa kalangitan malapit sa rehiyon ng kanto, ang mensahe na ito ay ii-play. Kapag nakakita ka ng isang kahina-hinalang bagay, huwag lapitan at ipagbigay alam sa pulis of bumbero.



③Email: Impormasyon tungkol sa lokasyon kung saan lumapag ang missile (kung sakaling ang Missile ay lumapag malapit sa rehiyon ng kanto)

“Ang missile ay nakalapag. Ang missile ay nakalapag. Maaaring ang missile ay lumapag malapit sa rehiyon ng kanto. Ang karagdagang impormasyon ay ibibigay sa bawat panahon. Mangyaring manatili sa loob para sa kaligtasan.”

※Kung ipinapalagay na ang missile ay nakalapag malapit sa rehiyon ng kanto, ang impormasyon ng lokasyon ay ibibigay sa bawat panahon.

Mangyaring manatili sa loob para sa kaligtasan.